

1

“You’re a square, Lisa. Para kang isang magandang kahon na wala man lang sorpresa sa loob. Nabo-bore ako sa iyo,” sabi sa kanya ni Mickey noong isang linggo lang.

Masakit na karanasan ang iwan ng boyfriend. Pero mas masakit pa iyong iwan ng boyfriend dahil boring daw ang nobya. Ang tawag niya roon ay *double whammy*—nasaktan na puso, nasaktan pa ang ego.

Matapos ang dalawang taon ng inakala niyang may patutunguhang relasyon, walang seremonyang sinabi nito ang ganoon at pagkatapos ay nagpaalam. Saka na lang niya nalaman na kinakalantari pala nito ang residenteng pokpok ng 345 Ayala Avenue kung saan sila pareho nagtatrabaho.

The guy just wanted sex. Kailangan pang alipustahin at tapakan ang manipis niyang tiwala sa sarili para lang makakakuha ng dahilang mangalantari ng ibang babae.

Ang kapal ng mukha!

Ngayon, naiwan tuloy siyang nagtatrabaho sa isang gusali na parating laman ng usapan sa elevator

ang manyakis niyang ex-boyfriend at ang nymphet nitong receptionist. Ang mga kaopisina niya ay may average na edad na forty-five at ang tawag sa kanya ay hindi 'Lisa' o kaya ay 'Miss Cantos' na siyang apelyido niya kundi 'kolehiyala sa PR department'. Ang boss niya ay kasing-tanda ng tatay niya at ang tawag naman sa kanya ay 'Ineng'.

Bukas ay dalawampu't limang taong gulang na siya. At tama na! Sobra na! Kailangan na niya ng bagong buhay!

Sumakay siya sa *MRT* kanina sa pagpasok sa opisina dahil hindi maaaring ilabas sa kalsada ang kanyang kotse sanhi ng traffic color scheme. Habang biyahe ay nag-isip-isip si Lisa kung ganito ba talaga ang gusto niyang gawin sa susunod na dalawampu't limang taon pa ng buhay niya.

Marami siyang nabuong panukala sa utak niya. Pero iisa lang ang tema: kailangan ng buhay niya ng malaking pagbabago. Kumbaga sa truck, kailangan niya ng overhaul.

Pagdating sa opisina, binuksan niya ang computer at gumawa lamang ng tatlong bagay: naglista ng mga plano niyang gawin, nag-upload ng resumé sa *JobStreet.com* at nagsulat ng resignation letter. Nakalagay sa huli ang mga salitang 'effective

immediately’.

Pagkatapos ng lahat ng iyon, tumayo siya sa upuan at nagtungo sa HR Department. Ipinatong niya ang sulat sa ibabaw ng lamesa ng HR manager at iniwan ito na nakatunganga sa kanya.

Lumabas siya ng gusali nang mas masaya kaysa naramdaman niya kahit kailan sa loob ng tatlong taon. At parang pelikula, umihip ang malakas na hangin at inilipad-lipad ang kanyang mahaba, alon-alon at maitim na buhok.

Muli niyang tiningnan ang kanyang listahan at binasa ang unang nakasulat doon:

Quit job. Naglagay siya ng check sa tabi niyon.

Malamang masesermunan siya ng kanyang Tita Melanie sa kanyang pagiging pabigla-bigla sa pagdedesisyon kapag nalaman nitong umalis na siya sa trabaho. Twenty-six years na itong nagtatrabaho sa isang bangko kung saan ito ang tumatayong vice president for business development, walang asawa at tanging siya, mula nang ihabilin siya rito ng namayapang mga magulang noong sixteen siya, ang inikutan ng buhay nito.

Samantala, magsa-shopping siya sa *Greenbelt 5*, magpapa-parlor at mamayang gabi, magkikita sila ni

Jaime sa isang bar para salubungin ang twenty-fifth birthday niya at ang bago niyang buhay.

Handa na si Lisa para lumabas nang gabing iyon. She felt like a million dollars. Ang suot niyang gimmick outfit ay mula sa *Zara* at ang kanyang hair and makeup ay gawa ng *David's Salon*.

Pakiramdam ni Lisa ay sadyang tumaas ang net worth niya dahil sa makeover nang pumasok siya sa tagpuan nila ni Jaime sa *The Fort* dahil napapatingin sa kanya ang lahat ng kalalakihan doon. Dumerecho siya sa bar kung saan nila usapang magkikita.

Sumapit ang alas diez; nairita na siya dahil walang Jaime na dumarating at kung sino-sinong pervert na ang lumalapit sa kanya.

Kinuha niya ang cell phone sa bag at nag-dial ng numero ng kaibigan.

“Beki, nas’an ka na?” kaagad na tanong niya sa kaibigan. ‘Beki’ ang tawag niya rito dahil bakla ito.

“Nandito pa ako sa office, eh. Pinipilit naming tapusin ang ilalaman ng March issue,” walang pasintabing tugon nito. Si Jaime ay stylist ng isang sikat na fashion magazine.

Nagsalubong ang bagong ahit niyang mga kilay. “Gaga! Hinihintay kita rito sa bar mula pa kanina.”

Narinig niya ang pagkagulat nito. “Ngayon ba ‘yun? Di ba bukas pa birthday mo?”

“Beki, hindi magandang joke ito. Kanina lang umaga tayo magkausap.”

“Sis, sorry. Ang pagkakaintindi ko sa usapan natin ay ise-celebrate natin ang birthday mo. Di ba bukas pa birthday mo?”

Huminga siya nang malalim. “Ang usapin natin ay *sasalubungin* natin ang birthday ko. At ngayon ay dalawang oras na lang bago ako mag-birthday!”

“Naku! Pasensya na, ha. Mali talaga ang intindi ko at hindi puwedeng umalis ang sister mo ngayon. Baka umagahin kami. Maghanap ka na lang muna ng fafable diyan para may ka-join ka. Babawi ako sa iyo, dearie. Forgive mo na ang lola mo, ha?”

Ano pa nga ba ang magagawa niya?

Ibinaba ng dalaga ang telepono at pinigilan ang sariling mabuwisit. Hindi siya maiinis! Kailangan niyang alalahanin na dalawang oras na lang ay *sasalubungin* na niya ang kanyang bagong buhay.

Hindi niya sasayangin ang oras niya sa pagkainis.

“Vodka tonic, please,” sabi niya sa bartender.

“Tony, give her a vodka tonic and put it on my tab,” sabi ng katabi niya.

Oh no, another pervert from hell.

Tiningnan niya ito para sabihan ng standard line na ‘No, thank you’ pero kaagad siyang natigilan.

Hindi ito mukhang pervert! Mukha itong... guwapo. Sobra-sobrang pagkaguwapo!

Nakalimutan na niyang magprotesta sa panlilibre nito sa kanya ng inumin. Inabot ni Lisa ang vodka tonic na ibinigay ng bartender at ininom iyon dahil tila natuyo ang lalamunan niya.

“Salamat,” sinabi niya matapos gumuhit sa kanyang lalamunan ang alcohol.

Nginitian siya nito. Or more correctly, he gave her a naughty, lopsided grin. “Alone?” tanong nito. His eyes were dark, sexy and dangerous.

“Y-yes,” tugon niya.

Ipinaalala ni Lisa sa sarili na kailangan niyang maging mas magaling makipag-usap kung nais niyang magmukhang woman of the world. Iyon ang pangalawa sa listahan niya: Be more liberal, at sa

tabi niyon ay nakasulat pa—think *Sex and the City*.

Ngumiti siya sa paraang inisip niyang kaakit-akit. “Are you?” ibinalik niya ang tanong dito.

Nagtagumpay yata ang kaakit-akit na ngiti dahil lumapit ito nang bahagya sa kanya.

“Hindi na ngayon,” sagot nito.

Naramdaman niya ang hininga nito sa bandang batok niya. Nanginginig ang tuhod niya sa sobrang lapit nito. No man had ever affected her this way.

Lalo namang hindi pa siya nakaramdam ng ganoong interes sa mga labi ng isang tao. Hindi na siya masyadong conscious na tinititigan niya ang labi ng kaharap habang nagpapantasya kung ano ang pakiramdam ng mahalikan niyon.

Nang hawakan nito ang kamay niya sa ibabaw ng bar counter at marahang hapusin ang kanyang balat, halos hindi siya makahinga. She had also never felt so sexually aware of anyone. Hindi ba at iyon na nga ang isa sa mga issues ng kanyang dating kasintahan?

Itinaas ni Lisa ang paningin. At lalo siyang nataranta sa nakita sa mga mata nito. Hindi siya sanay sa ganitong laro. Pero alam niya ang ibig sabihin ng tingin na iyon dahil iyon ay eksaktong

sumasalamin ng nararamdaman niya.

Inilapit nito ang mukha sa gilid ng kanyang pisngi para bumulong sa kanya.

“Let’s get out of here,” suhestyon nito.

Ang tunay na Lisa Cantos ay nakaramdam ng takot. Pero may kung ano sa sandaling iyon na hindi niya kayang tanggihan.

Kaya sa kauna-unahang pagkakataon sa buong buhay niya, sumama siya sa isang lalaking hindi niya kakilala.

Nag-uusap sila sa kotse patungo sa tirahan nito, pero halos wala siyang naintindihan. Ninenerbyos siya. Pero sa kabila ng nararamdaman ay tinitingnan ni Lisa ang kamay nitong nakapatong sa manibela at iniisip na sana ay muli siyang hawakan niyon.

Malinaw na malinaw, may mali talaga sa utak niya.

Nakarating sila sa condominium unit nito na nasa loob ng *The Fort*. Hindi mahirap isiping mayaman ang lalaking kasama niya.

Ipinagsalin siya nito ng alak at tinanggap niya ang kopita. Tahimik silang sumimsim. Mayamaya ay nagtitigan sila. Muli niyang naramdaman ang kamay

nito sa kanyang leeg.

His hand felt like the way she imagined a man's hand should be. Strong and slightly rough but gentle against a woman's skin. Ang isa pa nitong kamay ay marahang bumalot sa kamay niyang may hawak na baso upang kunin iyon sa kanya.

Ang kamay na humahaplos sa kanyang leeg ay naglakbay sa balikat niya. Napasinghap siya nang maramdaman ang labi nito sa lugar na inalisan ng kamay nito. Marahang bumalik ang kamay nito sa kanyang baba, itinaas iyon para mailapit ang labi nito sa kanya.

“I want you,” he said softly.

Hindi ito naghintay ng kasagutan. Hinalikan siya nito. And she sighed against the feel of his lips. Naramdaman niya ang dulo ng dila nito na inuudyukan siyang buksan ang kanyang mga labi. Ginawa niya iyon. She opened her mouth and she had the dizzying sensation of being kissed like she had never been kissed before. Eksperto sa seduction ang lalaking kapiling niya.

Gumalaw ang kamay nito patungo sa zipper sa likuran ng kanyang damit. Hindi niya alam ang nangyayari sa kanya. Para siyang possessed dahil

imbis na pigilan ang ginagawa nito ay tila nakikipag-unahan pa siya rito na matanggal ang kasuotan ng isa't isa. Masyadong malakas ang kagustuhan niyang maramdaman ang balat nito sa kanyang balat.

Dinala siya nito sa napakalaking kama at doon tinanggal ang kahuli-hulihan niyang kasuotan. He placed a burning kiss on her stomach and trailed a kiss there back to her lips.

“Do you have any idea how beautiful you are?” bulong ng lalaki.

Bumaba ang isang kamay nito sa kanyang mga hita. Lisa gasped when he touched her core, but she closed her eyes and allowed his exploration.

“Touch me,” he again whispered, his voice thicker.

Hindi niya alam kung paano magsimula, pero sinundan niya ang kanyang instinct at pinakiramdaman ang bawat reaksyon nito sa kanyang mga haplos. She felt bold by his gasps as she touched his body.

She knew that they were sharing nothing but pure unaldurated lust. At wala siyang pakialam. Naramdaman niya na may kinuha ito sa bedside table at narinig niya ang tunog ng pagpunit ng plastic na lalagyanan. Hindi na niya naalalang protektahan ang sarili niya at napangiti siya dahil sa pagiging maingat

nito.

His knee slightly nudged her legs apart and she readied herself for him.

Sa likod ng utak ng dalaga, iniisip niya na totoong-totoo na ang nangyayaring ito. She was finally experiencing sex. At nangyayari ito kapiling ang isang estrangehero.

Inangkin nito ang kanyang mga labi at ang isa nitong kamay ay naglalaro sa dibdib niya. She was lost in a sensual cloud that he was making. Lumipad na sa isipan niya ang anumang agam-agam sa hinahayaan niyang maganap.

It hurt a bit when he made his first thrust inside her. Naramdaman niya rin ang pag-aalinlangan nito. Tumigil ito nang matanto na unang pagkakataon iyon para sa kanya. Hindi niya ito hinayaang tumigil dahil doon. She pushed herself up to meet his thrust, her nails digging deep on his back as she closed her eyes to the sudden pain. Kumapit siya sa braso at likod nito habang sinasanay ang sarili sa di-pamilyar na pakiramdam na iyon.

Hinawakan ng lalaki ang magkabila niyang pisngi. “Look at me. I want to see your face,” utos nito.

Binuksan ni Lisa ang kanyang mga mata

Ikaw Ang Pinili Ng Puso - Carla Giopaolo

at tiningnan ito. His eyes were burning with unfathomable desire. Marahan ang paggalaw nito habang nakatitig sa kanyang mukha. Tinitingnan siya nito kung mayroon pang senyales na nasasaktan siya sa bawat galaw nito. Subalit hindi na siya nasasaktan. All she was feeling was the desire to feel him more strongly inside her.

She clung to him as she felt the heat bursting inside her. She bit his shoulder to keep herself from screaming in pleasure that was totally new to her.

Nauna siyang nagising dahil sa liwanag ng araw na pumapasok sa bintana.

Oh, my God! naibulalas niya sa isip nang makita ang hitsura ng kaguluhan ng kama. Parang may wrestling match na naganap sa ibabaw niyon.

Pakiramdam niya ay pulang-pula ang pisngi niya sa alaala ng nangyari nang nakaraang gabi. Man, she was wild!

Kung nakita lang siya ni Mickey ng ganito, hindi siya nito maiisipang sabihan ng boring.

Mula sa pagkakadapang higa ay kumilos ang lalaking natutulog sa kama. Napahakbang siya

paurong. Natakot siyang makita nito habang nakatayo siya sa gilid ng kama at nakayakap sa isang unan dahil wala siyang maibalot sa kahubaran.

Humiga lang ito ngunit nanatiling mahimbing ang tulog. Nakapikit ito kaya halos nakalapat sa pisngi ang mahahabang pilik. Matangos ang ilong nito na katulad sa mga banyaga. And his mouth was really sexy, curving sensuously upward on both sides, even when he was asleep. Hindi lang ito guwapo sa dilim. Guwapo ito kahit anong klase ng liwanag.

Habang nakatayo roon, biglang naisip ni Lisa na hindi niya alam ang sasabihin sa estranghero kapag nagising ito. Dali-dali niyang kinuha ang underwear na nakakalat sa sahig at binalikan sa sala ang iba pang saplot na tinanggal ng lalaki sa kanyang katawan nang nakalipas na gabi. Mabilis siyang nagbihis upang lisanin ang lugar na iyon.

“Happy Birthday, Lisa!” bati niya sa sarili.

Hindi niya makakalimutan ang gabing iyon ng kanyang twenty-fifth birthday... kahit kailan.

Tumigil siya sa labas ng condo building at tumingin pataas sa level ng floor nito. Mami-miss niya talaga ang lalaking iyon. Kahit hindi niya alam kung tama ang gayong pakiramdam sa taong ni hindi

Ikaw Ang Pinili Ng Puso - Carla Giopalo

niya alam kung ano ang pangalan.

2

“Hay, sa wakas! Sumagot ka rin ng telepono, bruha ka,” bulalas ni Jaime nang sagutin niya ang tawag nito.

“Kakagising ko lang, eh,” paliwanag ni Lisa.

“Ano ba? Alas cuatro na po ng hapon. Akala ko tuloy galit ka sa akin dahil sa pang-iindian ko sa iyo kagabi.”

“Okay lang, beki,” tugon niya.

“Happy Birthday,” bati nito. “Ano’ng plano mo ngayon? Puwede akong lumabas.”

“Wala naman. Nasa Hong Kong pa rin si Tita Melanie kaya libre rin ako. Gusto mo bang makipagkita?”

“Sige, dinner muna tayo ‘tapos we’ll have coffee.”

“Give me an hour para mag-shower at magbihis.”

Nagkita sila sa isang kainan sa *MegaStrip* ng *SM Megamall*.

“Sis, parang may iba sa iyo ngayon?” kaagad na puna ni Jaime pagkaupong-pagkaupo pa lang niya

sa harapan nito

Hindi nakatulong sa dalaga ang pamumula ng pisngi niya dahil lamang sa inosenteng tanong nito.

“Well, I quit my job,” simula niya.

“It’s about time, too. Maryosep naman kasi ‘yang pinasukan mong trabaho, walang glamour. Nasabi ngang Ayala Avenue, ni hindi man lang napinturahan ang building. At saka ang mga fez ng co-workers mo, Sis, parang...” Iwinasiwas nito ang kamay sa ere. “Hay naku! hindi ko na sasabihin. And besides, hindi ka naman nagdarahop kaya di ka mamamatay habang naghahanap ng bagong trabaho...”

“Hindi na ‘ko virgin,” proklama niya sa kalagitnaan ng litanya ng kaibigan.

“Marami namang magagandang trabaho lalo na at.... Hindi ka na what?” Muntik na itong mabilaukan nang mag-sink in sa utak nito ang sinabi niya. “Tama ba ang narinig kong sinabi mo?”

“Tama ang narinig mo,” sang-ayon niya.

“Lisa Cantos, you are so bad!” tili nito bago ngumiti nang malawak. “And I like it.”

Ngumiti lang siya sa reaksiyon ng kaibigan.

Biglang nagkunot ang noo nito. “Huwag mong sabihin na nagkabalikan kayo ni Mickey.”

Umirap siya. “Hindi, ‘no! Hindi naman yata ako gan’un kadesperada para makipagbalikan sa lalaking tinawag akong boring.”

Umaliwalas muli ang mukha nito. “Eh, sino?”

“Isang taong nakilala ko sa bar kagabi kung saan hindi mo ako sinipot,” sagot niya.

“Well, may pangalan ba ang taong ito?”

She smiled sheepishly. “Meron. Hindi ko lang alam.”

“Loka!” Napalo siya nito sa braso. “Sige na nga, ikuwento mo sa akin lahat. Gusto kong malaman ang bawat detalye.”

“Order muna tayo,” sabi niya.

Dalawang linggo bago niya nalaman ang pangalan ng lalaking iyon: John Alexander Olivares, President at Chief Executive Officer ng *SportsPlus*, ang pinakamalaking chain ng mga tindahan ng mga sporting goods sa buong Pilipinas.

Paano niya raw nakilala?

Simple. Si Lex Olivares ang amo ng kanyang bagong boss.

Tuwang-tuwa si Lisa nang tawagan siya ng *SportsPlus* at sinabing nakuha sa *JobStreet.com* ang resumé niya. Naghahanap ang mga ito ng assistant manager for corporate communications na mayroong karanasan sa public relations.

Pasok sa banga ang qualifications niya.

Isang linggo ang inabot ng buong application process at noong nakaraang Biyernes ay natanggap siya.

Unang araw niya sa trabaho ngayon at iniikot siya ng isang staff member ng human resources department para i-orient sa opisina. Kat ang pangalan nito. Kasing-edad niya lang ang babae at gusto niya ang pagiging masiyahin nito.

Nabanggit nito na wala pa itong isang taon sa kompanya. Sa tingin niya ay magiging magkaibigan sila.

“Ngayon naman, pupunta tayo sa opisina ni Sir Lex, the big boss,” mataas ang energy na sabi nito.

Inayos niya ang kanyang bagong business suit.

Bago iyon dahil napilit siya ni Jaime na palitan

na lahat ang office attire niya na isinusuot sa pinanggalingang kompanya. Pinalitan ang buong wardrobe ang drama niya katulong ang kaibigan sa pamimili ng ipapalit.

Dahil isa itong fashion stylist, sinabi nitong kailangan daw mas tama sa bagong persona niya ang mga damit. Corporate chic ang tema; pang-opisina pa rin, but with a flair and a hint of sexiness.

“Nand’yan ba si Big Boss?” senyas ni Kat sa sekretarya bago sila pumasok sa reception area ng opisina ng corporate head.

Tumango ang tinanong, isang magandang babae na parang mas bagay sa cover ng magazine kaysa tagasagot ng mga tawag.

“Pumasok na kayo habang hindi pa siya masyadong busy. Ang dami niyang appointments ngayon.”

Si Kat ang unang pumasok. “Good morning, Sir Lex. I just want to introduce to you our new employee.”

“Oh yes, the new assistant manager for corporate communications, right?” sagot ng taong nasa loob.

Natigilan si Lisa. Ang boses na iyon! Hindi niya

makakalimutan ang boses na iyon! Panic rose in her throat. Kinailangan pa siyang bahagyang hilahin ni Kat para makagalaw papasok sa silid.

Natagpuan na lang niya ang sarili kaharap ang lalaki na nang huli niyang nakita ay mahimbing na natutulog nang walang damit sa condo unit nito.

Parang lalagnatin siya sa init ng pisngi niya habang kaharap si Lex.

“This is Lisa Cantos,” pakilala sa kanya ni Kat.

Tumayo ang binata at umikot sa malaking lamesa para lumapit sa kanila. Tumigil ito sa kanilang harapan at napatda pagkakita sa kanya. Tuluyang nawala ang boses niya. Kinalabit siya ni Kat sa bandang likuran para paalalahanan siyang magsalita.

“Good morning, Mr. Olivares,” weird ang tunog ng boses niya maging sa sarili niyang pandinig.

Tila ilang segundo rin ang nakalipas bago nakabawi si Lex. “Hi! Welcome to *SportsPlus*,” obligadong sabi nito.

Iniabot nito ang kamay sa kanya. Nanlalamig ang kamay niya pero hindi naman magandang tingnan kung tatanggihan niya ang pakikipagkamay nito.

His hand enclosed hers. At sa paghawak nila,

napag-alaman niya na totoo ang chemistry sa pagitan nila na una niyang naramdaman nang gabing iyon. Gumagapang na parang electricity iyon sa kanilang magkahawak na kamay maging sa naibang kapaligiran.

Kaagad nitong binitiwang ang kanyang kamay at tumingin sa kasama niya.

“Thank you, Kat. Please just continue showing Miss Cantos... Lisa around.”

Hindi niya alam kung paano siya nakalabas ng opisina. Parang gulaman ang tuhod niya. Si Kat naman ay nakatingin sa kanya na tila may malalim na pinag-iisipan.

“May problem ba?” di niya napigilang itanong.

“Wala,” sagot nito bago nagpatuloy sa paglalakad, kapagdaka’y huminto ito. “Medyo weird lang kasi. Normally, mas friendly si Sir Lex. N’ung una nga akong magtrabaho dito, niyaya pa niya akong magkape para makapag-usap kami sandali. He really takes time to get to know his employees.” Nagkibit-balikat ang HR staff. “Oh, well, baka bad timing lang tayo. Baka marami lang gagawin kaya pinaalis tayo kaagad. Halika, ipapakita ko sa iyo ang admin area ‘tapos puwede na tayong mag-lunch break. Sabay na

lang tayo kung gusto mo.”

Hindi niya pinagkakatiwalaan ang sarili niyang magsalita kaya dinan niya sa ngiti at pagtango.

Sa loob ng opisina niya, isinuklay ni Lex ang kamay sa buhok pagkaalis ng dalawang empleyada.

Hindi niya akalaing makikita pa niya ulit ang babaeng iyon. Lisa Cantos pala ang pangalan nito.

Sure, he had imagined seeing her again. Hindi niya lang akalain na ganito ang susunod nilang pagkikita.

Nagpakawala siya ng buntong-hininga. Hindi niya yata kailangan ng ganitong distraction sa paligid niya sa opisina. And she was a distraction, all right.

Una na niyang napansin ang distracting effect nito sa kanya nang napuna niya ito na mag-isang nakaupo sa counter ng bar na pinuntahan. She was a hot number in a little white dress and high heels that showcased extremely long legs. Iyon ang unang tumawag ng kanyang atensyon. Ang perpekto at napakahabang mga binti nito na umaakyat pataas sa mahugis na mga hita at napakaseksing likuran na perpektong hinuhubog ng maliit nitong damit.

Nakalugay ang mahaba nitong buhok. She had those sexy waves which gave men an idea how she would look like in bed after a night of lovemaking.

Nakuha nito ang kompletong atensyon niya kaya lumapit siya rito. Hindi perpekto ang mukha ng babae. But it was as interesting and sexy as the rest of her. Tiningnan siya ng magaganda nitong mata na bahagyang itinatago ng mahahabang pilik. Her smile could seduce a monk.

Ibinili niya ito ng inumin. Sanay siya sa ganoong laro. Maraming ganoong babae—mga babaeng sa karanasan niya ay ligtas maging kalaro. No commitments. No strings attached. Eksakto sa gusto niya.

Nagulat na lang siya nang malamang si Lisa ay hindi kagaya ng inakala niya. She was a virgin! Hindi pa siya nakaranas mag-uwi ng isang babae na tulad nito. But she was also passionate. Naalala pa lang niya kung paano ito magresponde sa kanya ay gusto na niya itong hilahin pabalik sa kanyang kama. Kaya hindi nakatulong sa kondisyon niya ang pakikipagkamay rito kanina.

Tumunog ang intercom sa ibabaw ng mesa niya. “Sir, Mr. Navarro is here already,” anunsyo ng sekretarya niya.

“Please send him in,” utos niya.

Hindi nagtagal ay bumukas ang pinto ng silid at pumasok ang unang tao sa limang ka-meeting niya nang araw na iyon. Pinaglaban niya ang mapabuntong-hininga.

3

Sa office cafeteria, sabay nilang inilapag ni Kat ang kani-kanyang tray ng pagkain sa isang lamesa.

“Hay, buti na lang narito ka na. Sa wakas, may kausap na ‘kong may gandang tulad ko,” anito saka humalakhak nang malakas.

Natawa rin si Lisa. Pero sa totoo lang, maganda si Kat.

Nagsimula itong dumaldal. “Oh, ngayong tapos na ang mga formalities, heto ang mga unofficial office warnings.” Luminga ito sa paligid bago magpatuloy, “Una, nakikita mo ba ‘yung lalaking naka-green polo? ‘Yung kalbo d’un sa cashier.”

Pasimpleng sinilip niya ang tinutukoy nito. Tumango siya nang makita iyon.

“Huwag kang maglalapit diyan,” babala nito.

“Bakit naman?”

“Kasi akala niya’y lahat ng babaeng lumalapit sa kanya ay may gusto sa kanya. Psycho ‘yan, Ate.” Dumako ang paningin nito sa isang bahagi ng cafeteria. “‘Tapos ‘yung kulot na mestizo na nakaupo

sa lamesa dun sa dulo, ang cute naman talaga, di ba?”

Tumango siya. “Oo nga.”

“Bakla ‘yun.”

“Hala, hindi halata,” puna niya.

“Well, alam mo naman ngayong panahong ito, you can never can tell.” Sinundan nito ng halakhak ang statement na iyon. “Ah, at itong parating, pangarap ang tawag dito.”

Kinailangang lumingon ni Lisa para makita ang tinutukoy nito. Papasok sa cafeteria si Lex, nakasuot ng black slacks at dark blue long-sleeved shirt and tie, parang naglakad palabas mula sa isang pahina ng fashion magazine.

“See?” patuloy ni Kat. “Lahat ng nilagpasang babae at bakla, dinadaan na lang sa buntong-hininga. Pero, Sis, as I said, pangarap lang.”

“Talaga? Bakit naman?”

“Gaga. May eye problems ka ba? Tingnan mo nga iyang si Sir Lex, o. Balat pa lang. May lalaki bang ganyan kakinis ng balat? Tamo ‘yung lips. Ako nga kailangan pang mag-lipstick para maging pula. Siya, wala lang; red talaga ang lips niya.” Sinundan nito ng tingin ang boss. “Tapos matangkad, guwapo,

matalino, mayaman. Parang n'ung pinagsulat ka sa slumbook n'ung grade six kung ano ang gusto mong lalaki, pinagsama-sama sa kanya ang lahat ng sagot mo.”

May punto si Kat.

Pero hindi pa ito tapos. “Kaya nga may catch,” anitong hawak ang de-latang soft drink, akmang iinom.

Hindi niya kayang hindi magtanong. “Ano?”

Tumingin ito sa kanya. “Catches, actually. Una, good luck namang pumatol sa mga ordinaryong manggagawa tulad natin. Pangalawa, kapag pumatol, lalo namang good luck kung makaisang linggo man lang.”

Namilog ang mga mata niya. “Ibig mong sabihin...?”

“Hello? Meet Lex Olivares, chickboy of the century.” Iminuwestra pa nito ang kamay sa direksyon ng lalaki. “Sa tagal ko na rito, wala pa akong nakitang babaeng more than twice na kasama niya. ‘Sabagay bakit nga naman siya magtitiyaga sa isa lang? Eh, I’m sure di nawawalan ng gelay na pumapatol diyan kahit saan magpunta.”

Tulad ko, isip ni Lisa.

Hindi mapanghusga ang kuwento ni Kat. It was told, as a matter-of-factly. Halatang fascinated lang sa hindi regular na lifestyle ng mayamang amo. Sigurado siya na ni wala sa imahinasyon nito na isa siya sa minsang pumatol sa tinuturing nitong ‘chickboy of the century’.

Nagkasabay sila ni Lex sa elevator nang pangalawang araw niya sa trabaho. Sila lang dalawa ang lulan niyon mula ground floor patungong fifty-fourth floor. Isa lang ang salita para isalarawan ang sitwasyon: Awkward.

“Good morning, Sir,” kinaya naman niyang batiin ito.

“Good morning, Miss Cantos,” pormal na ganti nito.

Lihim siyang napamura. Kung napaaga lang sana siya nang kaunti sa pagdating sa opisina, hindi siya masasadlak sa ganitong sitwasyon.

“Lisa,” biglang nagsalita ito.

“Sir?” Para siyang sarhento na tinawag ng heneral. Tumindig siya nang derecho.

Kaswal na sumandal si Lex sa kabilang dulo ng elevator para humarap sa kanya. “Tayo lang ang sakay ng elevator. Hindi mo kailangang sumiksik diyan sa sulok.”

Oo nga naman.

Nagsalita muli ito. “Alam mo, baka dapat mag-lunch tayong dalawa at pag-usapan natin ito.”

Oh, my God!

Ang nasabing lunch ay sa lobby ng isang five-star hotel na pinakamalapit sa office nila.

Kanina ay tinawagan siya nito sa local number niya at sinabihang, “*Makati Shangri-La*. Magkita tayo sa lobby in fifteen minutes.” Para silang may sekretong operasyon. At ngayon ay nakaupo sila nang magkatapat sa isang pang-dalawahang lamesa.

“Ngayon ko lang nalaman na sobra palang interesting ng menu nila rito,” sabi nito.

Inangat niya ang paningin. “What?”

“More than ten minutes mo nang tinitingnan ‘yung menu. Wala ka bang mapili?”

“Hindi.” Ibinaba niya ang hawak. “Alam ko na kung ano’ng gusto ko.”

Nag-order siya ng soup at pasta kahit sa palagay niya ay hindi niya kayang kumain kahit isang subo. Nang makaalis ang waiter, iniligid niya ang tingin sa paligid. Kahit saan, kahit ano, huwag lang sa kaharap.

“Alam mo, hindi ka naman ganito uncomfortable sa akin noong huli tayong magkasama,” pukaw nito.

Pakiramdam ng dalaga sinilaban ang mukha niya. Ibinuka niya ang bibig para magsalita

“I... ” Muli niyang itinikom ang mga labi. Wala siyang masabi.

“Okay. I get it, Lisa. Isa akong pagkakamali sa pag-eeksperimento sa sexual liberation. Not because it was bad. Sa palagay ko nga, kahit ikaw siguro ay aamin... that it was really good between us. Kaya lang pareho nating hindi inasahan na sa isang professional environment tayo muling magkikita. Tama ba ako?”

Nakatitig ang mga mata nito sa kanya. At hindi iyon nakatulong dahil nanunuyo pa rin ang lalamunan niya. Hindi nito pinapadali ang sitwasyon niya sa simpleng kadahilanan na nakakalito ang pagkaguwapo nito habang nakaupo sa harapan niya.

“Yes,” mahinang amin niya.

“Given that I was your first...”

She stifled a groan. Kailangan ba talagang sabihin iyon?

“Alam ko na mahirap para sa iyo na i-handle ang sitwasyon.”

Hindi tulad mo na isang eksperto.

Nabasa nito sa mukha niya ang kanyang naisip. “Wala ka yata sa posisyon para husgahan ako, Lisa. After all, I did pick you up from a bar.”

Bahagya siyang sumimangot.

Tila nauubusan na ito ng pasensya sa pananahimik niya. “Damn! You are making it difficult. Hindi ka nagsasalita, pero kitang-kita naman sa mukha mo ang nararamdaman mo. Come on, help me out here. Ano ba’ng gusto mong gawin?”

Tumungo si Lisa at nagkaroon ng biglaang interes sa pag-aayos ng table napkin. “Magpanggap na walang nangyari sa ating dalawa.”

Sumandal ito sa upuan, hindi inaalis ang tingin sa kanya. “Paano kung ayaw ko?”

Mabilis siyang tumunghay nang marinig ang tanong nito. “Ano’ng gagawin natin? Iaanunso sa buong mundo na nag-sex tayong dalawa?”

“You know, Lisa, some girls will actually be proud to admit that.”

Hindi niya yata nagustuhan ang sinabi ni Lex. Or maybe it was her nerves speaking. Nagsimula siyang magsalita tulak ng pagkagulo sa sitwasyon.

“I am not some girls, Mr. Olivares. We... you.... Shit! Tama ka, I was experimenting... no, exploring.” Huminto siya sandali para i-compose ang sarili niya. “Okay. Hindi ko alam kung ano’ng naisipan kong gawin o baka hindi ako masyadong nag-isip dahil I am not that type of person. For goodness’ sake, nakipag-break nga sa akin ang boyfriend ko dahil ayaw kong makipag-sex sa kanya. Kaya hindi ko alam kung ano’ng....” Nagbuntong-hininga siya. “Baka dapat mag-resign na lang ako.”

Saglit siyang pinag-aralan ni Lex. “At paano naging magandang ideya iyon? Mawawalan ka ng trabaho. And I will feel bad about it. Sige, subukan natin ang solusyon mo. Magpanggap tayo na walang nangyari.”

Siya naman ang hindi sigurado kung kaya niya talagang gawin iyon.

“Lisa?”

“Okay,” sang-ayon niya makalipas ang ilang

saglit.

Hindi niya alam kung bakit sa tingin niya ay mukha itong nakahinga nang maluwag sa kanyang desisyon.

Pinanood ni Lex si Lisa habang kumakain ito. O baka mas tamang sabihing, pinapanood niya ito habang nagpipilit kumain dahil soup na nga lang ay parang di pa nito mauubos.

Hindi niya ugaling mang-pick up ng di-kilalang babae kahit na alam na alam niya ang larong iyon. He just mostly dated women who knew the rules. Totoo rin sigurong ang iba sa mga ito ay maaari ring ma-pick up sa bar para makipaglaro. Dapat napansin niyang may iba kay Lisa nang gabing iyon. Iba ang dalaga sa mga babaeng nakasama na niya. She was innocent. But she was also very desirable.

“Hindi ka ba kakain, Sir Lex?” tanong nito nang mapansing hindi siya kumakain.

Alam niya na ang pagdadagdag ng ‘Sir’ sa unahan ng kanyang pangalan ay pagpapaalala sa kanilang dalawa kung saan na patungo ang relasyon nila.

“Kakain din,” sabi niya, sabay dampot ng tinidor

at kutsilyo. Nawili siya sa panonood dito kaya nakalimutan na niya ang lumalamig na pagkain.

Sa kabila ng napagkasunduan, mas madali kay Lisa na iwasan na lang si Lex. Simple lang gawin iyon dahil regular ang oras na sinusunod ng binata: dumarating ito sa opisina ng alas ocho ng umaga, kumakain ng tanghalian pagdating ng ala una ng hapon—kung doon ito kakain at pinakahuling umaalis ng opisina pagsapit ng alas nueve ng gabi.

Subalit kung minsan, may mga bagay na talagang hindi napipigilan. Tulad na lang ng pagpunta ni Alana Portales sa desk niya nang araw na iyon.

“Lisa, my love,” malambing na turan nito.

Sa loob ng dalawang linggong pagtatrabaho niya rito, alam na niyang may hihilingin ito sa kanya kapag ganoon ang tono.

Tiningnan niya ang manager for corporate communications ng *SportsPlus*. Isa itong matangkad na babae, maiksi ngunit fashionable ang light brown na buhok at tulad ng karamihan sa nagtatrabaho sa kompanya, maganda at sunod sa uso kung manamit.

“Yes, Lanie?” tanong niya gamit ang palayaw

nito.

“Di ba Mass Communication graduate ka?”

“Oo.”

“Ibig sabihin marunong kang gumamit ng video camera?” nais nitong makasiguro.

Tumango siya. “Oo naman.”

“Magaling ka ring kumuha ng pictures?”

“Oo rin. Why?”

“Family reunion ng mga Olivares sa weekend. Kailangan natin ng mga pictures para sa article tungkol sa pamilya para sa annual report at sa *SportsPlus* newsletter. At dahil naroon na rin lang, nagpapagawa sila ng video documentation. At ginagawa natin dahil naroon ang mga bosses natin dahil nga family corporation ang *SportsPlus*,” nakangiting paliwanag nito.

Napalunok siya. “Wala na bang iba na puwedeng mag-video?”

“Pasensya ka na, masyadong madalian. Normally, kumukuha ako ng professional para i-cover ang event na ito. Kaya lang nahulog daw sa hagdanan sa isang photo shoot iyong regular kong kausap. Ayaw ko

naman ng iba kasi baka walang sensitivity at kung ano-ano na lang ang kunan, ma-violate na ang privacy ng pamilya.”

Dahil bago siya sa trabaho at saka wala siyang plano sa darating na Sabado, hindi niya kayang tanggihan ito. “Sige. Saan ba iyong reunion?”

“Sa private resort nila sa *Puerto Galera*. Sabado ang alis n’yo ‘tapos Linggo ng hapon ang balik. Puwede kang hindi pumasok ng Lunes.”

“Overnight sa *Puerto Galera*?”

“Oo. Papasamahan na lang kita kay Nato para may katulong ka kung may mga kailangan kang i-set-up. Medyo marunong din iyon mag-camera para may kahalinhinan ka. Kailangan mo lang ituro kung ano’ng gusto mong gawin niya.”

“Okay,” sang-ayon niya.

Alam ni Lisa na kailangan niya ang napakalaking preparasyon ng kanyang kalooban para kayanin ang trabahong iniatang sa kanya. Napahinga siya nang malalim pagkaalis ni Alana.